REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**KAPASIYAHAN BILANG 92-254**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGBAYAN NG MUNTINLUPA NA MAGLAAN NG LUPANG PAG-AARI NG PAMAHALAANG BAYAN O MAKIPAGKASUNDO SA PRIBADONG SEKTOR/TAO NA MABILI ANG LUPANG PAG-AARI NITO O MAGSAGAWA NG EXPROPRIATION PROCEEDINGS UPANG MATAYUAN NG 300-BED GENERAL HOSPITAL.**

*****************************************************************

Ipinanukala ni: KGG. VICENTE Y. CHUA

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** may mahigpit na pangangailangan na magkaroon ng isang general hospital sa Bayan ng Muntinlupa upang mapagkalooban ang mga mamamayan nito sa kanilang pangangailangan na pang-ospital na serbisyong medikal;

**SAPAGKAT,** upang maitayo ang nasabing ospital ay nararapat matugunan ang lupang pagtatayuan nito;

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Muntinlupa ay nagmamay-ari ng mga lupain na maaaring gamitin sa binabanggit na layunin;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan na bigyan ng kapangyarihan ang Punongbayan ng Muntinlupa na maglaan ng lupa na pag-aari ng Pamahalaang Bayan na may kabuuang lawak na di-kukulangin sa sukat na isang (1) ektarya at malapit sa mga tirahan o sentro ng populasyon at ang lupang gagamitin ay tatayuan ng ospital na kikilalaning **"Muntinlupa General Hospital"** at pinagpasiyahan pang muli na kung sa kadahilanan na walang lupang pag-aari ng Pamahalaang Bayan na maaaring maitalaga sa layuning nabanggit, ang Punongbayan ay binibigyan din ng kapangyarihan na makipagkasundo sa pribadong sektor o tao na mabili ang kanilang lupang pag-aari para sa layuning nabanggit alinsunod sa mga kundisyon, kasunduan at alituntunin para sa kapakanan ng pamayanan at pagsang-ayon ng Sangguniang Bayan.

**BINIGYANG KAPASIYAHAN PA RIN,** na ang Punongbayan ay may kapangyarihan na magsagawa ng "Expropriation Proceedings" sa mga lupang pag-aari ng pribadong sektor/tao upang magamit sa layuning binabanggit kung sa kadahilanang walang magkusang-loob na magbenta ng lupa sa Pamahalaang Bayan para sa itatayong ospital.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-195th regular na pulong na ginanap noong ika-16 ng Marso, 1992.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/cpa